



## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

|              |   |
|--------------|---|
| Circular No. | 2022-0017   |
| Title        | <u>PhilHealth Coverage for Outpatient Hemodialysis Benefit to a Maximum of 144 Sessions for CY 2022</u> |

| Tanong  | Sagot  |
|---|--|
| Ano ang basehan ng PhilHealth upang gawing 144 ang coverage ng hemodialysis?  | Ito ay sa kadahilanang ang COVID-19 pandemic ay patuloy na humahamon sa pangkalusugang sistema ng ating bansa, at nadudulot ng kahirapan at pagkawala ng buhay. At bilang pagtugon, ang PhilHealth sa pamamagitan ng PhilHealth Board Resolution No. 2718 s. 2022, ay nagtakda ng maximum hemodialysis benefit package hanggang 144 sessions para sa taong 2022. |
| Ano ang layunin ng polisiya/benepisyo?  | Layunin ng Circular na ito na ilahad ang mga panuntunan ukol sa benepisyong outpatient hemodialysis na nagtatakda ng maximum limit ng hemodialysis hanggang 144 sessions para sa taong 2022.   |
| Ano ang sakop ng polisiya/benepisyo?  | Sakop ng polisiyang ito ang lahat ng miyembro ng PhilHealth at ang kanilang mga kwalipikadong dependents na may chronic kidney disease stage 5 (CKD5) na kasalukuyang naka-enrol sa PhilHealth Dialysis Database (PDD). Nakasaad sa polisiyang ito ang pagbayad ng higit sa 90 hanggang 144 hemodialysis sessions hanggang sa ika-31 ng Disyembre taong 2022.    |
| Kapag naospital ang isang pasyente na may CKD5 at kinailangan ng dialysis, maaari bang gamitin ang benepisyong ito?   | <b>Hindi.</b> Sapagkat ang polisiyang ito ay eksklusibong itinakda para sa <b>outpatient hemodialysis sessions lamang.</b>   |
| Kapag hindi nagamit ng pasyenteng may CKD5 ang 91 <sup>st</sup> – 144 <sup>th</sup> hemodialysis sessions, maaari ba itong magamit o idagdag sa taong 2023? | <b>Hindi.</b> Sapagkat ang sakop ng polisiyang ito ay hanggang Disyembre 31, 2022 <b>lamang.</b>   |





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

|              |   |
|--------------|---|
| Circular No. | 2022-0017   |
| Title        | <u>PhilHealth Coverage for Outpatient Hemodialysis Benefit to a Maximum of 144 Sessions for CY 2022</u> |

**Maaari bang mag-direct file sa PhilHealth ang isang miyembro/pasyente kapag binayaran nito ang kanyang 91<sup>st</sup> – 144<sup>th</sup> hemodialysis sessions?**

**Oo.** Maaari siyang mag-direct file. Magtungo lamang sa pinaka-malapit na PhilHealth Regional/Branch Office o Local Health Insurance Office (LHIO) at sundin ang umiiral na panuntunan batay sa PhilHealth Circular No. 20 s. 2014 (ACR Policy No. 4 - Directly Filed Claims for All Case Rates and Return to Sender).

